Pagpaparehistro sa Surrey Schools

Maligayang pagdating sa Surrey School District! Nasasabik kaming tanggapin ang inyong anak sa aming eskwelahan at gusto namin silang makapasok at makibahagi sa klase sa lalong madaling panahon.

Kami'y nakatuon sa pagkamakatarungan, katotohanan, pagkakasundo, at pagbubuwag sa mga sistematikong hadlang upang ang inyong karanasan sa pagpaparehistro ay magiging maayos.

Saan at papaano ako makakapagparehistro?

Sino man na nakatira sa B.C. ay maaaring makapagpa-enroll ng kanilang anak sa aming distrito. Ang pagpaparehistro ay bukas online ng buong taon sa surreyschools.ca sa pamamagitan ng pag-click sa orange na 'Register Today' button, o pwede ring i-scan ang QR code sa fact sheet na ito. Kung kailangan mo ng tulong, ang mga tauhan sa eskwelahan sa inyong kapitbahayan ay maaari kayong gabayan sa proseso. Meron isang School Locator na maaari mong gamitin sa aming website upang malaman mo ang eskwelahan na nandiyan sa iyong kapitbahayan.

Kung kailangan mo ng tulong sa isang wika maliban sa Ingles, merong opsyon na 'Translate' sa bandang itaas ng aming website, o maaari ding ang iyong eskwelahan ay makipag-ugnay para sa isang tauhan mula sa aming Welcome Centre para kayo ay maasistihan. Ang mga tauhan sa aming Welcome Centre ay maaaring umalalay sa ilang mga wika tulad ng Punjabi, Chinese, Arabic, Tagalog, Spanish, Korean, at iba pa.

Mga dokumentong kinakailangan upang makilala kayo at ang inyong anak:

UNANG BAHAGI

1. Photo id para sa magulang/legal na tagapag-alaga tulad ng : driver's license, pasaporte, Photo BC Services Card, BCID card.
2. Katunayan ng pagiging legal na tagapag-alaga (gaya ng ipinapakita ng birth certificate ng bata, o iba pang legal na dokumento, tulad ng: dokumento ng pagiging landed immigrant o utos ng pagiging legal na tagapag-alaga).
3. Katunayan ng araw ng kapanganakan ng bata, tulad ng: birth certificate o pasaporte ng bata.

Para sa karagdagang impormasyon i-scan ang QR code o bumisita sa: **www.surreyschools.ca**

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

IKALAWANG BAHAGI

Katunayan na ang magulang o tagapag-alaga ay nakatira sa B.C., tulad ng BC Driver's License, BC Services Card, BCID card, ICBC vehicle registration document, o iba pang mga dokumentong ibinigay ng gobyerno na nagsasaad kung saan nakatira.

Kapag wala kayo ano man sa mga dokumentong ito, huwag mag-alala! Ang inyong eskwelahan ay makikipagtrabaho sa inyo upang humanap ng solusyon.

Iba pang mga opsyon na meron para mapatunayan ang iyong pangalan at tirahan ay kasama alin man sa dalawa sa mga sumusunod:

- Kasunduan sa pagbili ng ari-arian
- Utility bill
- Kasunduan sa pag-upa o sulat mula sa landlord
- Mga dokumentong pangkalusugan (mga ulat at mga sulat)
- Sulat mula sa koreo na nagsasaad ng pangalan at tirahan ng residente
- Mga pay-slip sa trabaho
- Mga bank statement
- Sulat mula sa amo sa trabaho
- Mga insurance statement o policies
- Pahayag o sulat mula sa isang Notaryo Publico
- Iba pang mga dokumento na nagsasaad ng pangalan at tirahan ng residente

Napakahalagang ang mga bata ay nasa eskwelahan. Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang siguraduhing ang inyong anak ay makakabahagi sa klase sa lalong madaling panahon!

Ang gobyerno ng BC ay hinihiling na ang lahat ng mga estudyante sa B.C. ay iulat ang estado ng kanilang mga bakuna. Ang regulasyon na ito ay sumusuporta sa pampublikong kalusugan na kontrolin ang mga outbreak at panatilihing malusog at ligtas ang mga estudyante. Para sa mga karagdagang impormasyon sa Vaccination Status Reporting Regulation pakibista ang: immunizebc.ca/vaccination-status-reporting-regulation o bisitahin ang Fraserhealth.ca/immunizations.

Kapag nagpaparehistro, hinihikayat namin ang mga magulang at mga tagapag-alaga na magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang anak upang masuportahan ang matagumpay na paglipat sa eskwelahan at masigurong alam ng pangkat na pang-edukasyon ang mga kakaiba at iba't-ibang mga pangangailangan ng estudyante.

PRIVACY

Hindi gawi ng aming distrito ng eskwelahan na ibahagi ang impormasyon ng aming estudyante o magulang sa mga awtoridad ng federal immigration maliban kung merong tiyak na kaso kung saan ito ay hinihiling ng batas.

Para sa karagdagang impormasyon i-scan ang QR code o bumisita sa: **www.surreyschools.ca**

Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING